

Halina sa 2015 Nat'l Science and Tech Week

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Halina't makisaya at saksihan ang pagdiriwang ng 2015 National Science and Technology Week (NSTW), ang taunang pagdiriwang ng science community upang maipamalas sa publiko ang mga pinakahuling kaganapan sa larangan ng agham at teknolohiya sa bansa.

Layunin ng NSTW na magkaroon ng mas malalim na pang-unawa at kaalaman ang publiko hinggil sa kahalagahan ng S&T sa pang-araw-araw na buhay ni Mang Juan at Aling Maria. Malaki ang kontribusyon ng S&T sa pagpapa-unlad ng mga industriya maging ang mga small to medium enterprise (SME) ng bansa upang makamit ang minimithing "inclusive growth."

Ang nasabing pagdiriwang ay mayroong temang Philippines: A Science Nation Innovating for Global Competitiveness, handog ng Department of Science and Technology (DOST) ang iba't ibang aktibidad na siguradong kapupulutan ng mga mahahalagang kaalaman sa larangan ng science and technology.

"Nais nating maipaalam sa publiko kung ano ang naitulong at maitutulong pa ng DOST upang magkaroon ng pagbabago ang pamumuhay ng bawat Filipino sa pamamagitan ng agham at teknolohiya," pahayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo.

Tampok sa pagdiriwang ang mga product display mula sa mga SME na natulungan ng Small Enterprise Technology Upgrading

Mga Nilalaman

Yaman ng Benham Rise tampok sa NSTW 2015	p2
Innovation hub na mala-Silicon Valley, plano ng DOST	p2
Cebu Materials Innovation Center, hatid ng DOST para sa creativity	p3
NSTW 2015 General Program of Activities.....	p4



Ang nakaraang pagdiriwang ng NSTW.

Program ng Kagawaran; science and business fora upang mapag-usapan ang mga pinakahuling kaganapan sa science research at maging ang mga programang magpapalago ng industriya ng paggawa; technology exhibit ng iba't ibang Research and Development Institute; at mga paglulunsad.

Kabilang sa mga scientific at business fora ay ang mga napapanahong usapin sa Dengue Control and Prevention; Philippine NANO Forum; Government Network: Faster Delivery of Services to Citizens sa Hulyo 24; Telang Dekalidad, Pinoy ang Tatak; SETUP Forum; STARBOOKS' Stakeholders Convention; Food Innovation Forum; Osteoarthritis and Food Technology; at The Art in Science Journalism naman para sa Hulyo 25. Samantala, sa Hulyo 26 ay pag-uusapan naman ang Living with Faults ng DOST-PHIVOLCS; Coconut Scale Insect Management Strategies; at DigiBayanihan for Digital Literacy ng Information and Communications Technology Office.

Mayroon namang International Forum on Disaster Resiliency; Forum on Packaging Innovation; at Community Empowerment through S&T Forum sa susunod na araw

habang ang E-Health Summit; Rural Impact sourcing; Intelligent Transport System; Business Matching; at Forum on Bamboo technology naman ay gaganapin sa huling araw ng pagdiriwang.

Pupunuin din ng iba't ibang exhibit ang bulwagan ng SMX Convention Center gaya ng mga iba't ibang teknolohiya, produkto, at mga serbisyong may kinalaman sa S&T.

Ang ilan sa mga teknolohiya at programang naka-display sa isang linggong pagdiriwang ay ang mga pinakabagong develop na makinarya para sa agrikultura, Food Innovation Center para sa food processing, STARBOOKS at scholarship program ng Science and Technology Information Institute at Science Education Institute, Hazard map at Valley Fault System Atlas para sa disaster preparedness, mga testing center para sa industriya ng paggawa, at E-Government Network naman para sa Information and Communications Technology.

Ang NSTW 2015 ay bukas sa publiko sa darating na Hulyo 24-28 sa SMX Convention Center, Lungsod ng Pasay. Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa NSTW 2015, maglog-on sa www.nstw.dost.gov.ph at [www.science .ph](http://www.science.ph).


Yaman ng Benham Rise tampok sa NSTW 2015

Ni Romeleie Janel Maranan
S&T Media Service, DOST-STII

Nagsagawa ng isang oceanographic exploration at survey ang ilang Filipino Scientist sakay ng M/V BFAR sa Benham Bank noong Mayo ng nakaraang taon. Layunin ng nasabing pag-aaral ang makatuklas ng mga likas na yamang maaaring mapakinabangan ng bansa sa hinaharap.

Ang Benham Bank ay ang pinakamababaw na bahagi ng Benham Rise na tinatayang may lalim na 50 metro.

Ang proyektong ito na tinawag bilang "Exploration, Mapping and Assessment of Deep Water Areas" ay pinangunahan ng Department of Science and Technology- Philippines Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD) kasama ang UP Marine Science Institute, UP National Institute of Geological Sciences, UPLB- School of Environmental Science and Management at Department of Agriculture-Bureau of Fisheries and Aquatic Resources. Katulong din sa nasabing proyekto ang ilang mananaliksik, siyentipiko at mga dalubhasa sa



globalnation-inquirer-net.jpg

pagsisid mula UP Mindanao, UP Baguio, Xavier University, Ateneo de Manila University at ang local underwater diving industry.

Ang Benham Rise ay bahagi ng Philippine Extended Continental Shelf na pinagtibay ng Commission on the Limits of the Continental Shelf ng United Nations.

Sa kabuuan, ang Benham Rise ay mayroong sukat na 135,506 kilometro kuwadrado kabilang ang nakahiwalay na seamount o kabundukang nasa karagatan. Ang seamount sa Benham Rise ay isa sa

30,000 nadiskubre sa mga karagatan sa buong mundo.

Ang mga seamount ay may potensyal na maging tirahan ng iba't ibang uri ng organismo sa karagatan dahil sa taglay nitong substrate.

Isa sa mga dahilan ng pagkakaroon ng proyektong ito ay ang pagtuklas sa mga biological characteristic at likas na yaman ng Benham Bank seamount. Nais din ng mga mananaliksik na maidokumento ang biodiversity nito.

Inaasahang ang makokolektang resulta sa ginawang pag-aaral ay makatutulong sa pagpapalano, pamamahala at higit na maintindihan ang pandaigdigang kahalagahan ng naturang teritorya na siyang mapakinabangan ng sangkatauhan sa hinaharap.

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa Benham Rise Project, maaaring dumalo sa gaganaping National Science and Technology Week mula 24-28 ng Hulyo 2015 sa SMX Convention Center, Lungsod Pasay.

Innovation hub na mala-Silicon Valley, plano ng DOST

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Isang innovation hub na maiihalintulad sa Silicon Valley ng Estados Unidos ang nais itatag ng Department of Science and Technology (DOST) upang mapalakas ang start-up sa bansa.

Ang ideya ay ipinahayag ng DOST, Department of Trade and Industry, at IdeaSpace Foundation na nagsama-sama upang palakas ang kakayahang teknikal ng mga start-up movement sa bansa sa pamamagitan ng mga innovation hub na unag itatayo sa mga lungsod ng Maynila at Quezon.

Layunin nito na pasiglahin ang industriya ng Information and Communications Technology (ICT) sa pamamagitan ng mga programang hihikayat sa mga kabataang Filipino na magtatag ng mga start-up na nasa linya ng ICT.

Ang pagkakaroon ng mga innovation hub ay makatutulong upang magabayan ang mga start-up tungo sa mga epektibong pamamaraan upang maging matagumpay ang pagpapatakbo nito.

Ang start-up ay ang terminolohiyang nagmula sa Silicon Valley na ang kahulugan ay

ang mga bagong-sibol na negosyo at kumpanya sa larangan ng teknolohiya at serbisyo.

Hangad din ng innovation hub na mailapit ang akademiya sa mga mamuhunan upang mapadali ang komersalisasyon ng mga research and development output ng mga mag-aaral na mayroong potensyal sa lokal at pandaigdigang merkado.

"It has always been DOST's thrust to support technology transfer of R&D output, either through commercialization or deployment for public good and the innovation hub, we believe will be a critical and effective agent delivering R&D results to the people," ani DOST Undersecretary Rowena Guevarra.

Samantala, naniniwala naman si Earl Valencia ng IdeaSpace Foundation na mahalagang maitayo ang mga innovation hub sa mga lokasyong malapit sa mga pamantasan. Aniya, malaki ang posibilidad na mapalakas ang technopreneurship lalo na sa pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral sa engineering at information technology. (Impormasyon mula sa DOST-ICT Office)



darthkix-deviantart-com.jpg

Cebu Materials Innovation Center, hatid ng DOST para sa creative industry

Ni Romeleie Janel Maranan
S&T Media Service, DOST-STII

Kitala sina Kenneth Cobonpue, Rajo Laurel, Inno Sotto at Gabriel Abellana sa kanilang mga obra sa iba't ibang larangan tulad ng pagdidisenyo ng mga muwebles, fashion at pagpipinta. At sa tulong ng sining, sino man ay maaaring maging katulad nila.

Anumang uri ng sining ang iyong kinahihiligan, nariyan ang Materials Technology Innovation Center (MATIC) - isang santuaryo na magsisilbing pangalawang tahanan sa mga taong nais ilabas o manumbalik ang kanilang pagkamalikhain.

Bilang pagkilala sa mayamang talento ng mga Filipino sa sining ay nakipagtulungan ang Department of Science and Technology sa European Chamber of Commerce of the Philippines (ECCP) upang maitatag ang MATIC isang center para sa creative arts industry ng bansa na kasalukuyang nakatayo sa DOST Complex, sa Banilad, Lungsod ng Cebu.

Ang pasilidad ay itinatag upang bigyang suporta ang Materials Research and Development Program ng ECCP upang maitaguyod ang pagiging malikhain at kahusayan ng lokal na industriya ng pagdidisenyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong materyales, inobasyon sa mga katutubo at tradisyunal na materyal, paggawa ng mga makabagong disenyo sa pamamagitan ng paggamit ng mga bago at epektibong teknolohiya.

Ayon kay ECCP Branch Manager Rosemel D. Calderon, ang MATIC ay isang lugar para sa mga taong nais maiangat ang kanilang kakayanan sa pagdidisenyo at sa paggamit ng iba't ibang medium at iba pang bago at alternatibong materyales. Sa kabilang dako, magiging daan din ito sa pagdudugtong ng akademya sa sektor ng komersyo upang makapaghatid ng world-class na serbisyo na siyang mag-aangat sa kakayanan ng mga lokal na talento at makasabay sa pandaigdigang merkado.

Ang pasilidad ay mayroong tatlong pangunahing bahagi: ang app zone, dashboard at chatroom. Ang app zone ang magsisilbing silid-aklatan at gawaan kung saan makahahapan ng mga ideya at inspirasyon mula sa iba't ibang babasahin tungkol sa pagbubuo at pagdidisenyo ng produkto. Samantala, ang dashboard ay isang platform kung saan itinatanghal at ipinamamalas ang mga bagong produkto habang ang chatroom naman ay isang silid na ginagamit para sa mga pagpupulong, malikhaing diskusyon at presentasyon.



Ipinapakita ni DOST Asec. Liboro ang mga makabagong disenyong pupukaw sa mundo ng fashion, home décor, at iba't ibang larangang nakalinya sa creative industry. **(Larawan mula sa STII Media Service, DOST-STII)**

Makikinabang din ang mga Small and Medium Enterprise (SME) na nakalinya sa produksyon ng muwebles, home decor, fashion, mga produktong habi, at iba pa. Malaking bentahe rin para sa mga pintor at manlilikha ang pinahusay na kasanayan sa pamamagitan ng MATIC.

"The DOST strongly believes in the Filipino talent and capacity to excel in any field, be it in science and technology or the visual arts. That is one of the reasons why the Department fully supports this initiative aimed at further enhancing our skills and talents to be at par with the world's greatest artists and artisans," pahayag ni DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro mula sa kanyang pagbisita sa nasabing pasilidad.

Sa isang mensahe, inihayag ni DOST Secretary Mario G. Montejo na ang pagpapalakas ng kakayanan ng mga manggagawa at ng iba't ibang industriya sa bansa ang isa sa mga pangunahing programa ng kagawaran. "DOST has always been looking for ways to enhance the capability of our industries by providing world-class facilities and human resource capabilities to address the various challenges of our manufacturing sector," pahayag ni Sec. Montejo.

Sa ngayon, ang mga produktong nakalagak sa MATIC ay nagmula sa mga local producer kabilang ang Anthill Fabrics Gallery, Avatar Accessories, Tubigon Loom Weavers of Bohol, Cebu Interlace Weavers Corporation at Earthworks.

Naglaan din ng tulong ang DOST sa iba pang industriya sa pamamagitan ng mga programa at pasilidad nito. Ilan sa mga

programang ito ay ang Food Innovation Center para sa food processing, Advanced Materials and Analysis Testing and Laboratory o ADMATEL para sa semiconductor industry at Die and Mold Center para sa metals and engineering.

Tampok din ang one-stop-shop facility na ito sa pagdiriwang ng National Science and Technology Week (NSTW) na gaganapin sa ika 24-28 ng Hulyo 2015 sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Lungsod ng Pasay. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa NSTW, bisitahin lamang ang www.science.ph at nstw.dost.gov.ph.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD

Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO

Copy Editor

JAMES B. INTIA

Layout

FERDINAND D. CARTAS

Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

NATIONAL SCIENCE and TECHNOLOGY WEEK

SMX Convention Center
Seashell Lane, Mall of Asia Complex, Pasay City
24-28 July 2015

**FREE
ADMISSION**

2015 science nation

EXHIBITS • EVENTS • OPPORTUNITIES

Philippines:
A Science
Nation
Innovating for
Global
Competitiveness

O, Kayang Pinoy!



GENERAL PROGRAM OF ACTIVITIES

Time	Program	Lead Agency	Venue
24 JULY (FRIDAY)			
9:00 - 10:00 AM	Opening Ceremonies		Main Stage
1:00 - 2:00 PM	Launch of Free Wifi Internet Access in Public Places	ICTO	Main Stage
1:00 - 5:00 PM	Dengue Project	PCHRD	Forum Hall 1
1:00 - 4:00 PM	Nano Technology: Small but Terrible	PCIEERD/ ITDI	Forum Hall 2
3:00 - 5:00 PM	Government Network: Faster Delivery of Services to Citizens	ICTO	Main Stage
6:00 - 9:00 PM	Stakeholder's Night		Main Stage
25 JULY (SATURDAY)			
9:00 - 12:00 AM	TELANG Dekalidad, Pinoy ang Tatak	PTRI	Forum Hall 1
9:00 - 12:00 NN	SET-UP Forum	NCR	Main Stage
9:00 - 12:00 NN	Stakeholders' Convention for STARBOOKS	STII	Forum Hall 2
1:00 - 4:00 PM	Forum on Food Innovation	NCR	Main Stage
1:00 - 5:00 PM	Technology Forum	PCHRD	Forum Hall 1
1:00 - 6:00 PM	Science Journalism Writeshop for Communications Students and College Campus Writers	STII	Forum Hall 2
26 JULY (SUNDAY)			
7:00 - 8:00 AM	Health & Wellness	PCHRD	Main Stage
9:00 - 12:00 NN	e-Health Summit	PCHRD	Main Stage
9:00 - 11:00 AM	Living with Faults: Be Aware, Be Prepared	PHIVOLCS	Forum Hall 1
9:00 - 12:00 NN	Awarding of Poster Making & Essay Writing	PCAARRD	Forum Hall 2
1:00 - 2:00 PM	Coconut Scale Insect Management Strategies	PCAARRD	Main Stage
1:00 - 5:00 PM	Digital Literacy with Digibayanihan	ICTO	Forum Hall 2
27 JULY (MONDAY)			
9:00 - 12:00 NN	Forum on Packaging Innovation	NCR	Forum Hall 1
9:00 - 5:00 PM	Pisay, maka-SCIENCE dito Robotic and Science Interactive Exhibits	PSHS	Main Stage
9:00 - 5:00 PM	International Forum (JSPS)	PCHRD	Forum Hall 2
1:00 - 4:00 PM	Forum on Community Empowerment thru Science & Technology	NCR	Forum Hall 1
	Clash of Class		Manila Ocean Park, Roxas Blvd, Manila
28 JULY (TUESDAY)			
9:00 - 12:00AM	E-Health Summit	PCHRD	Main Stage
	That Thing Called Kawayan	FPRDI	Forum Hall 2
1:00 - 5:00 PM	Rural Impact Sourcing: Promoting High Value Online Jobs in the Countryside	ICTO	Main Stage
	Be Road Smart: The Philippines' Intelligent Transport System and New PUV Standards	PCIEERD	Forum Hall 1
	Tech Meets Business		AIM, Makati City
	In Touch with Excellence		TBA